

# Mga Tuntunin at Kundisyon

Ang Mobile Fitting App/Connex Fit2Go App na ito (tutukuyin bilang “App” mula rito) ay binuo at ginawa sa ngalan ng WS Audiology Denmark A/S (“Kumpanya”).

Sa pagtanggap at paggamit sa App sa iyong tablet o mobile device, sumasang-ayon kang sumailalim sa mga Tuntunin at Kundisyon na ito at sa anumang mga pag-amyenda dito.

## Layunin

Ginawa ang App para gamitin ng mga Propesyonal lamang sa Pangangalaga sa Pandinig.

Gamit ang App, magagawa mo, bilang Propesyonal sa Pangangalaga ng Pandinig, na ayusin ang mga function sa kaginhawahan ng mga hearing device sa loob ng isang partikular na framework. Nagbibigay-daan din ito sa iyo na iangkop ang tunog sa iyong customer.

## Karapatan sa paggamit

Binibigyan ka ng kumpanya ng mababawi, hindi eksklusibo, pandaigdigang lisensya na gamitin ang App sa nakalaang layunin hangga't iniaalok ng Kumpanya ang App na ito sa iyong hurisdiksyon. Hindi mo maaaring ipamahagi o ipagamit ang App sa anumang ikatlong partido.

Malaya kang ihinto ang paggamit sa at i-uninstall ang App anumang oras.

## Mga Karapatan sa Pag-aaring Intelektwal

Ang App at ang nilalamang itinampok sa App ay protektado ng copyright, mga karapatan sa trademark, at patent at iba pang mga karapatan sa pag-aaring intelektwal at mga karapatan sa pagmamay-ari na nakalaan sa Kumpanya.

## Pagtatangi at limitasyon ng pananagutan

Bilang Propesyonal sa Pangangalaga ng Pandinig, responsable ka para sa angkop na pagsasaayos na ibinibigay mo sa iyong customer. Ibinibigay ng kumpanya ang App upang maisagawa mo ang serbisyong ito.

Dapat lamang gamitin ang App sa nakalaang paggamit at sa mga compatible na hearing device.

Hindi kinakatawan, ginagarantiya o sinisigurado ng kumpanya na hindi maaantala o walang error ang paggamit sa App. May karapatan ang kumpanya na ihinto ang suporta sa App anumang oras. Ang App at ang datos dito ay ibinibigay “nang walang binabago” at nang walang anumang ipinapahayag o ipinapahiwatig na garantiya.

Hanggang sa sukdulang pinahihintulutan ng batas, hindi mananagot ang Kumpanya para sa mga pinsala na resulta ng paggamit sa App, kabilang ang direkta, hindi direkta, espesyal, hindi sinasadya, kinahinatnan o pamparusang danyos o anupamang uri ng pagkawala o danyos, kabilang ang pagkagambala o pagkawala ng datos.

Para maiwasan ang pagdududa, wala sa mga tuntunin at kundisyong ito ang pumipigil o naglilimita sa anumang garantiya, remedyo, o karapatan na hindi maaaring pigilan o limitahan ng batas.

### **Mga pagbabago**

Nakalaan sa Kumpanya ang karapatang baguhin ang mga Tuntunin at Kundisyon na ito anumang oras at kung nais mong patuloy na gamitin ang App, kakailanganin mong tanggapin ang mga Tuntunin at Kundisyon ayon sa naamyendahan.

### **Sumasaklaw na batas at mga hindi pagkakaunawaan**

Ang anumang hindi pagkakaunawaan o paghahabol na dulot ng o nauugnay sa App ay sinasaklaw ng mga saligang batas ng Denmark, at sa Denmark diringgin ang anumang hudisyal na hindi pagkakaunawaan maliban kung magtatakda ang lokal na mandatoryong batas ng ibang sumasaklaw na batas at lugar.

Huling na-update ang mga Tuntunin at Kundisyon na ito noong 05/20/2023.